

## Mula Panay Tungong Rizal: Gampanin ng Katutubong Kaalaman ng Ati Tribe sa Proseso ng Resettlement

---

Danilo Valencia Elosendo Jr., Sarah Nelle F. Pasao, Perrie A. Rejuso,  
John Bryan R. Salamanca, Rafaella Justine Marie C. Villena

### Abstrak

Bagaman marami nang internasyonal na pag-aaral kaugnay ng *displacement*, hindi nabibigyang-pansin ang nangyayari sa mga komunidad sa panahon ng *post-displacement*. Naisasantabi ang usapin sa pagsisikap at *agency* ng mga katutubo. Bunga ng namamayaning diskursong nakatuon sa usapin ng polisiyang nagmumula sa mga pandaigdigang institusyon, nananatili ang pagtingin sa mga katutubo bilang pasibo, kawawa, walang kapangyarihan, at simpleng biktima lamang ng penomenon. Sa pamamagitan ng *oral history*, patatampukin ng pag-aaral ang gampanin ng katutubong kaalaman ng mga Ati sa pagbubuo ng kanilang komunidad sa *resettlement* sa Rodriguez, Rizal. Sa *social capital formation*, mahalaga sa mga Ati ang *bonding social capital* upang mapagtibay ang *social cohesion* ng komunidad, at kapaki-pakinabang ang *bridging at linking social capital* upang magkaroon sila ng akses sa mga rekurso. Naipakita rin ang halaga ng mga katutubong kaalaman sa kanilang kabuhayan sa *resettlement*, tulad ng pangangaso at pagbebenta ng herbal na gamot. Tumitingkad ang dinamikong katangian ng mga katutubong kaalaman, kung saan may pagsasala ng mga makabagong kaalaman at pamamaraan bago ito angkinin ng komunidad. Gayunman, nililimitahan ng panlipunang sistema ang pagsisikap ng mga Ati dahil sa mga lumalalang suliranin tulad ng institusyunal na diskriminasyon, kapabayaan ng estado, kawalan ng seguridad sa lupa, at pagkasira ng kalikasan dulot ng mga pangkaunlarang proyekto. Sa gayon, lumilitaw na maaaring tuntungan ang mga katutubong kaalaman ng mga Ati sa pag-oorganisa upang maitaguyod ang kanilang mga tinatanaw para sa komunidad at

mabigyang-hugis ang transpormasyonal na kakayahan ng kanilang mga araw-araw na pagsisikap.

### **Abstract**

Although there have been many international studies on displacement, what happens to communities during the post-displacement period is often overlooked. The agency and effort of indigenous peoples are sidelined, overshadowed by the prevailing discourse focused on policy issues stemming from global institutions. As a result, indigenous peoples are still viewed as passive, pitiful, powerless, and mere victims of the phenomenon. This study aims to highlight the role of the indigenous knowledge of the Ati in building their community in the resettlement area in Rodriguez, Rizal. In terms of social capital formation, bonding social capital is important to the Ati to strengthen the social cohesion of the community, while bridging and linking social capital are beneficial for them to gain access to resources. This study also seeks to demonstrate the value of indigenous knowledge in their livelihood in the resettlement, such as hunting and selling herbal medicine. Moreover, the dynamic nature of indigenous knowledge is highlighted, where modern knowledge and practices are filtered and selectively adopted by the community. However, the efforts of the Ati are limited by broader systemic issues such as institutional discrimination, state neglect, lack of land security, and environmental degradation caused by development projects. Despite these challenges, the indigenous knowledge of the Ati can be a foundation for organizing to promote their visions for the community and shape the transformational capacity of their daily efforts.

*Keywords: Ati, indigenous people, resettlement, indigenous knowledge systems and practices (IKSPs), social capital, community organizing-community development (COCD)*

## Introduksyon

Ang mga katutubo ang bumubuo sa 10%-14% ng populasyon ng Pilipinas; sila ay mayroong sariling teritoryo, pampulitikang sistema, wika, pagkakakilanlan, mga kultura, at paniniwala (Berger, n.d.). Matatagpuan sa kanilang mga lupaing ninuno (*ancestral domain*) ang karamihan sa mga likas-yaman ng bansa (de Vera, 2007) na kinatatangian ng mayamang *biodiversity* (Cariño, 2012) at itinuturing na mga *key environmental areas* (Foundation for the Philippine Environment, n.d.). Nakahabi din sa kanilang lupaing ninuno ang kanilang kultura at paraan ng pamumuhay. Sa kabila ng kayamanang ito, humaharap ang mga katutubo sa iba't ibang isyu kagaya ng sapilitang pagpapaalis sa kanilang mga lupaing ninuno, pangangamkam ng kanilang lupa, *development aggression*, at militarisasyon. Bukod dito, kinakaharap din ng mga katutubo ang kawalan ng mga batayang serbisyo kagaya ng pagkain, pabahay, edukasyon, kalusugan, trabaho, at iba pa (Cariño, 2012). Ang ganitong kalagayan ang siyang nagtutulak sa mga katutubo na sapilitang lisanin—isaang porma ng displacement—ang kanilang mga lupaing ninuno at maghanap ng oportunidad sa ibang lugar. Dahil dito, unti-unting nawawala ang kanilang katutubong kultura (Baruah, 2000). Resulta nito ang pagkagambala ng kanilang pamumuhay at kabuhayan, tulad ng pagtatanim at pangangaso.

Bagaman marami nang pag-aaral tungkol sa penomenon ng *displacement*, tulad ng iba't ibang dahilan at epekto nito sa mga komunidad (Cernea, 1997; Terminski, 2013), madalas na hindi nabibigyang-pansin kung ano ang nangyayari sa mga komunidad matapos sapilitang lumisan. Karamihan sa mga literaturang may kaugnayan sa displacement ay kadalasang nasa konteksto ng maralita sa kalunsuran at mga *internally displaced peoples* (IDPs) sa Mindanao dulot ng digmaan (Watanabe, 2007). Sa konteksto ng mga katutubo, sumusulpot lamang ang usapin ng displacement sa panahon ng sakuna kung kailan sapilitang pinalilikas ang mga komunidad (Acaba, 2008; Labayo, 2020). Ngunit, ang mga katutubo ay hindi lamang nakakaranas ng displacement at *resettlement* sa konteksto ng sakuna; nariyan

din ang usapin ng kahirapan at kawalan ng akses sa mga serbisyong panlipunan, development aggression at militarisasyon. Gayunpaman, hindi ito nabibigyan ng kaukulang pansin. Dahil dito, nanatiling manipis pa ang literatura sa karanasan ng mga katutubo at kanilang pagsisikap sa proseso ng displacement at resettlement bunga ng iba't ibang isyung panlipunan bukod sa sakuna.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga pagsisikap ng katutubong Ati na nagmula sa isla ng Panay na lumipat at naninirahan sa Rodriguez, Rizal. Ang katutubong Ati ay matatagpuan sa Sitio Maislap, Barangay San Isidro, Rodriguez, Rizal. Isa sa pagkakakilanlan ng mga katutubong Ati ay ang Ati-Atihan at Dinagyang na nakabatay sa kasaysayan ng kanilang tribo (Gavino, 2020). Ang mga Ati ay kadalasang kilala rin na palipat-lipat at naninirahan sa tabi ng ilog at kagubatan. Ang kanilang pangunahing kabuhayan ay ang pagtatanim, pangangaso, *livestock farming*, at mga *handicrafts*. Ang kakulangan sa akses sa serbisyong panlipunan at kawalan ng pera ang nagtulak sa mga Ati na lumisan sa kanilang lupaing ninuno at maghanap ng oportunidad sa ibang lugar.

Noong 1990s tumulak ang ilang pamilya ng tribung Ati mula sa Panay patungo sa Rizal. Hindi naging madali ang kanilang paglipat; kinaharap nila ang kahirapan at iba't ibang uri ng diskriminasyon. Sa kabila nito, kolektibong nagdesisyon ang mga Ati na manatiling manirahan na sa Rodriguez, Rizal. Sa Sitio Maislap, naging salalayan ng mga Ati ang kanilang katutubong kaalaman. Sila ay nag-uuling, nagtatanim, nangangaso at nagtitinda ng mga herbal na gamot. Malaki rin ang ginampanan ng kanilang katutubong wika, ang Inati, sa proseso ng kanilang resettlement, ngunit iilan na lamang ang bihasa sa pagsasalita ng katutubong wika nilang ito. Layunin ng pagaaral na usisain paano ginamit ng mga Ati ang kanilang katutubong kaalaman o *Indigenous Knowledge Systems and Practices* (IKSP) upang itaguyod ang kanilang pamumuhay sa Sitio Maislap. Batay rito, sisikapin ring mabigyang liwanag paano magsisilbing tuntungan ang mga nasimulan nang mga pagsisikap upang

isakatuparan ng mga katutubong Ati sa Rodriguez, Rizal ang kanilang mga pangarap sa gitna ng lumalala nilang kalagayan.

Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagsasakasaysayan (*historicization*) ng karanasan ng Ati Tribe mula sa Panay, patungo sa Sitio Maislap. Kaakibat ng pagsasakasaysayan ay ang sama-samang pagninilay tungkol sa kanilang mga karanasan at sa kanilang tunguhin bilang isang pamayanan. Ang pagsasakasaysayan at pagninilay ay sumalalay sa metodo ng *oral history* at *Focus Group Discussion* (FGDs) kabilang ang *Chieftain* (punong tagapamahala), mga *elders* (*cultural bearers*), at mga kabataan. Dumaan ang pagaaral sa proseso ng paghingi ng *Free, Prior, and Informed Consent* (FPIC); kaakibat nito ang paglalahad ng layunin at sakop ng pagaaral, pati na rin ang imbitasyon na makilahok sa mga talakayan. Nagsagawa rin ng *semi-structured interviews* sa iba't ibang institusyon kagaya ng Indigenous People's Mandatory Representative (IPMR) at sa lokal na pamahalaan ng Rodriguez, Rizal upang matiyak ang mga datos na makakalap.

Ang pag-aaral na ito ay nahahati sa apat na bahagi. Ang unang bahagi ay maglalahad ng karanasan ng mga Ati sa paglipat mula Panay patungong Rizal. Bibigyang-diin nito ang mga salik na nagtulak sa mga katutubo upang lisanin ang kanilang lupaing ninuno noong 1990s at lumipat sa Rizal. Sa ikalawang bahagi, ilalahad ang mga konsepto ng *structural violence*, *IKSPs*, *social capital formation*, *livelihood reconstruction*, *selective assimilation*, at balangkas ng pagsasakapangyarihan ni Longwe (1991) bilang mga salalayang konsepto sa pagpapaliwanag ng mga pagsisikap ng mga Ati sa proseso ng kanilang resettlement. Pangatlo, ipapakita ang aktibong gampanin ng mga Ati sa proseso ng resettlement, partikular, kung paano nila ginamit at patuloy na ginagamit ang kanilang katutubong kaalaman upang umangkop sa lugar. Isasalaysay dito ang mga kasalukuyang kalagayang kinakaharap ng komunidad na nagiging balakid sa kanilang mga pagsisikap at ang kanilang naging pagtugon sa mga ito. Panghuli, ilalahad ang gampanin ng *Community Organizing-Community*

*Development* (CO-CD) upang maging tuntungan sa pagsasakatuparan ng mga tinatanaw ng komunidad at pagtatawid ng kanilang kasalukuyang pagsusumikap patungo sa transpormasyonal na pagbabago sa lipunan.

### **Konseptwal na Balangkas**

Hindi laging litaw ang lahat ng sanhi ng displacement. Maaaring nakukubli sa panlipunang sistema ang mga salik na nagtutulak sa mga komunidad na sapilitang lumisan. Ayon kina Galtung at Høivik (1971), tinatawag itong structural violence na resulta ng pang-ekonomiya, pampulitika, at pangkulturang karahasan dulot ng istruktura sa lipunan. Isang manipstasyon nito ay ang pagkakait ng mga batayang pangangailangan o *survival needs, well-being needs, identity and meaning needs, at freedom needs* sa pamamagitan ng pananamantala, segmentasyon, at marhinalisasyon (Galtung, 1990).

Malaking bahagi ng mga internally displaced person (IDP) ay nagmumula sa populasyon ng mga katutubo (Hagen & Minter, 2019). Gayunman, hindi nabibigyang-diin na mas vulnerable sa grupong ito ang mga *hunter-gatherer* dahil sa kanilang pamumuhay na mahigpit na nakaugnay sa kalikasan. Sa Pilipinas, mayroon na lamang 25 grupo ng hunter-gatherer, tulad ng mga Ati (Reid, 2009).

Samakatuwid, malaking salik ang structural violence sa pagtulak sa mga katutubo sa displacement, at nananatili pa rin ang pagharap dito sa panahon ng resettlement. Lumilitaw sa karanasan ng mga Ati kung paano nila nagagamit ang kanilang katutubong kaalaman sa pagsisikap na harapin ang structural violence. Ayon kay Grenier (1998), ang mga katutubong kaalaman at kasanayan ang konkretong manipstasyon ng katutubong kultura na ibinunga ng mahabang panahon ng pakikipag-ugnayan ng mga katutubo sa kanilang kapaligiran. Dinamiko ito kung saan tuloy-tuloy na nagdadagdag ng mga bagong kaalaman at umaangkop batay sa mga pagbabago sa lipunan, kabilang na ang structural violence.

Sa proseso ng resettlement ginampanan ng mga katutubong Ati ang muling pagbubuo ng kanilang kabuhayan at pagbubuo ng kanilang *social capital*—pagbubuo ng mahigpit na kaisahan sa loob ng tribo, ng ugnayan sa iba pang mga grupo sa nilipatang pamayanan at iba't ibang mga institusyon. Kaakibat ng mga ito ay nakapaglunsad ang mga katutubong Ati ng selective assimilation kung saan pinipili ng mga katutubo ang mga kaalaman at kasanayang iaangkop at isasama sa sarili nilang mga katutubong kaalaman at kasanayan (Portes & Rumbaut, 2001) na mahalaga sa pagpapanatili ng kanilang identidad sa nagbabagong kalagayan na kanilang iniiralan. Masasalamain ito sa kung paano nagawang ilapat ng mga katutubong Ati ang kanilang mga katutubong kaalaman at kasanayan sa pamumuhay ng nilipatang lugar. Sa kabilang banda, nagawa ring ilangkap ng mga katutubong Ati ang kultura at paraan ng pamumuhay na mayroon sa kanilang lugar.

Gayunpaman, kinakaharap pa rin nila ang structural violence sa nilipatang lugar. Sa katunayan, lumalala ang mga parehong suliraning kinaharap noon. Bunga nito, apektado rin ang kanilang katutubong kaalaman, partikular na sa pagpapalaganap at pagpapaunlad nito. Bahagi na rin ng kanilang assimilation ay ang internalisasyon ng mga kultura at paraan ng pamumuhay sa nilipatang lugar. Ang ganitong kalagayan ay may malaking implikasyon sa tunguhin nila bilang mga katutubo.

Karugtong nito, itatambal ang mga konseptong ito sa konseptwalisasyon ng pagsasakapangyarihan ni Longwe (1991) upang bigyang mukha ang kasalukuyang tunguhin ng kanilang mga pagsisikap gamit ang katutubong kaalaman. Sa konseptwalisasyon ni Longwe (2002) ng pagsasakapangyarihan, tinukoy niya ang limang antas nito—kagalingan (*welfare*), akses (*access*), *conscientization*, *mobilization* (pagmomobilisa), at kontrol (*control*). Gayundin, magsisilbing salalayang balangkas ang limang antas ng pagsasakapangyarihan sa paghahapag o pagtukoy ng mga hakbangin upang itaas ang antas ng

mga pagsisikap ng mga katutubong Ati sa harap ng papalalang kalagayan sa nilipatan nilang lugar.

Sa ganitong kalagayan sumusulpot ang higit na pangangailangang bigyang-diin ang dinamikong katangian ng kanilang mga katutubong kaalaman at kasanayan upang magsilbing salalayan ng mulat na pagpapaunlad nito. Ang mulat na pagpapaunlad na ito ng mga katutubong kaalaman at kasanayan ang magiging tuntungan ng pagpapataas ng antas ng kanilang mga pagsisikap sa harap ng lumalalang mga suliranin sa nilipatan nilang lugar. Mula rito maaaring hugutin, bigyang-mukha, at direksyunan ang mga pagsisikap na tutugon hindi na lamang sa kanilang mga kagyat na mga pangangailangan o survival, bagkus ay ang pagbabago ng mismong marahas na istrukturang kinaiiralan nila.

### **Paglisan sa Panay**

Tampok ang displacement sa kasaysayan ng mga Ati ng Panay bunga ng nagsasalimbayan at magkakaugnay na mga salik na puwersahang nagpalisan sa kanila. Sa kabila ng pagsasabatas ng Indigenous People's Rights Act (IPRA) noong 1997 na naglalayong protektahan at isulong ang karapatan ng mga katutubo sa Pilipinas, taong 2004 lamang naipatupad ang ligal na pagkilala sa mga ancestral domain batay sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) Administrative Order No. 1. Kasabay rin daw nito ang *logging concessions* sa kanilang lupang tinitirhan. Dahil walang sariling lupa, marami rin sa mga Ati ang sapilitang namasukan sa mga *hacienda* noong 1990s. Ayon sa mga literatura, halos lahat ng hacienda at plantasyon sa Panay ay may mga Ati nang namasukan bilang manggagawang agrikultural (Stewart, 1992). Kaakibat ng paglawak ng mga hacienda at plantasyon ay malawakang pagkasira at pagkakalbo ng kagubatan dulot ng deporestasyon. Dahil dito, madalas silang makaranas ng pagbaha at pagguho ng lupa. Noong 1983 lamang ipinatupad ang *logging ban* sa Aklan, Antique, Capiz, Iloilo, at Guimaras,

ngunit pinapahintulutan pa rin ang pagtotroso sa siyam na erya rito (Carandang et al., 2013). Bunga nito, karamihan sa kanila ay lumuluwas upang maghanapbuhay.

Malalayo rin ang mga batayang serbisyo at pasilidad, tulad ng mga paaralan at ospital. Dahil dito, higit na mapanganib ang pagkakasakit at panganganak. Dahil hindi aksesible ang edukasyon at itinutulak ng kahirapan na agad na magtrabaho, maraming mga Ati ang hindi nakapagtapos at napilitang pumasok sa mapagsamantalang relasyon sa produksyon.

Inilahad ng mga Ati na malubha ang kahirapan sa Panay at hindi sumasapat o halos sumasapat lamang ang kinikita sa araw-araw. Sa kabila ng payak na pamumuhay, ramdam pa rin ng mga katutubong Ati ang bigat ng kondisyong kinaiiralan nila. “Tabas, karga, tabas...Ayan ang trabaho doon, ganito kaiinit tapos patabasin ka ng mayaman,” saad ng isang elder. Bukod pa rito, mahirap daw ang kanilang mga trabaho at kinakailangan ng ubod ng lakas. Madalas ding hindi tiyak na may trabaho sila sa mga susunod na araw at buwan. Maraming mga Ati ang ipinapadala sa mga plantasyon sa Negros at Mindoro, ngunit napipilitan din silang bumalik sa lupaing ninuno dahil hindi na mapagtiisan ang mapang-abusong kondisyon ng pagtatrabaho (Rahmann & Maceda, 1962). Ang pagkakait sa mga Ati ng mga batayang pangangailangan, partikular na ang survival at well-being needs, dulot ng pananamantala at marhinalisasyon ang nagtulak sa kanilang lisanin ang Panay. Bagaman maaaring tingnan na boluntaryo ang kanilang paglisan, ipinahayag ng mga Ati na nanaisin pa rin nilang bumalik sa kanilang lupaing ninuno kung magiging maalwan ang kanilang pamumuhay doon. Samakatwid, maituturing na sapilitan ang kanilang paglisan dahil nakikita nila ang kondisyon sa Panay na higit na may panganib kaysa oportunidad.

Bunsod ng mga salik na nabanggit, nagsimulang lumipat ang mga Ati sa tabing-ilog ng Sitio Katwiran, Barangay San Rafael, Rodriguez, Rizal upang lisanin ang marahas na kondisyon sa Panay. Taong 1980 pa lamang, may ilang Ati na ring biktima ng displacement ang naninirahan sa Rizal. Sila ang nagsilbing tulay upang makarating ang iba pa nilang

kapwa katutubo sa Rizal. Sa mga kakilala rin nila napag-aalaman ang mga oportunidad sa Rizal. Madalas na nauunang dumayo ang kalalaking Ati upang magtrabaho sa *delivery* at *construction*. Ang mga kababaihan naman ay nagbebenta ng herbal na gamot sa Kamaynilaan. Gayunman, mas mababa pa rin sa *minimum wage* ang kanilang kinikita. Dagdag pang oportunidad sa lungsod ay ang akses sa mga serbisyong panlipunan, partikular na sa edukasyon at kalusugan, kumpara sa kani-kanilang mga probinsya. Naging mahalagang salik din ang lokasyon ng komunidad na malapit sa ilog at kabundukan na sagana sa likas na yaman.

Madalas na ikumpara ng mga elders ang ilog at kabundukan sa kanilang lupaing ninuno sa Panay at sa kasalukuyang tinitirhan sa Rizal. Pinipili nilang manirahan malapit sa ilog at bundok dahil maaari silang mag-angkat ng tubig mula sa ilog at mangaso naman sa bundok. Subalit, higit pa sa rekurso, mahigpit ang ugnayan ng kanilang kultura sa kalikasan. Nasasalamon ito sa kanilang mga katutubong kaalaman na karamihan ay may kaugnayan sa kalikasan, tulad ng pangangaso, pangingsda, pagtanim, at herbal na gamot.

Unti-unti silang dumami sa Sitio Katwiran hanggang sa naging isang komunidad. Subalit, mayroon din silang iba pang kasamang hindi Ati, tulad ng Bisaya, Bicolano, at Waray. Nang makita ng dating Chieftain at kanyang asawa na dumarami na silang mga Ati sa Sitio Katwiran, umugnay sila sa NCIP upang ihapag ang pagkakaroon ng sariling lupa ng mga Ati. Gayunman, hindi nila ito tinanggap dahil ang lupang iniaalok sa kanila ay nasa kabundukan na malayo sa mga panlipunang serbisyo.

Subalit sa ikalawang pagkakataon ay sapilitan din nilang nilisan ang Sitio Katwiran dahil sa matinding pag-apaw ng ilog dulot ng mga bagyo. Ayon sa mga elders, maraming mga Ati na ang nasawi dahil dito kung kaya inilipat umano sila ng mayor sa Sitio Maislap, Barangay San Isidro, Rodriguez, Rizal. Dahil bahagi na ng araw-araw na buhay ng mga

katutubo ang marhinalisasyon at pananamantala, nagiging karaniwan at nagmumukhang kusang-loob ang kanilang migrasyon.

Taong 2000 nang inilipat ng munisipyo ang mga Ati sa Sitio Maislap. Subalit, hindi raw naging madali ang kanilang resettlement. Una, mas mababa ang kanilang lupa kaysa sa kalsada, kaya binabaha pa rin ang kanilang mga kabahayan. Pangalawa, kinakailangan nilang magtayo muli ng mga barong-barong na gawa sa mga kahoy at tarapal. Pangatlo, wala pang kuryente at tubig sa relokasyon. Mas malayo ang ilog sa kasalukuyang tinitirhan kaya kinakailangan nilang lakarin ito at mag-igib.

Kalaunan, nakilala ng dating Chieftain at ng kanyang asawa ang isang pari mula sa Couples for Christ na lumapit sa Gawad Kalinga upang mapatayuan sila ng mga bahay. Taong 2004 nang patayuan ng Gawad Kalinga, sa pamamagitan ng Philippine Life Insurance Association (PLIA) bilang isponsor ng 35 na bahay ang mga Ati sa Sitio Maislap at pinangalanan itong PLIA Gawad Kalinga Village. Sa kasalukuyan, hindi malinaw ang kalagayan ng lupang kinatitirhan ng kanilang mga bahay kahit na ang lokal na pamahalaan ng Rizal ang naglipat sa kanila dito. Kung gayon, walang katiyakan ang kanilang karapatan sa lupang tinitirhan nila sa mahigit na 20 taon.

Madalas na nakatuon sa displacement ang mga internasyunal na pag-aaral, ngunit hindi nabibigyang-pansin kung ano ang nangyayari sa mga komunidad matapos ang sapilitang paglisan. Ang mga perspektibo sa mga literaturang may kaugnayan sa resettlement ay kadalasang nagmumula sa mga institusyon at may kaugnayan sa polisiya. Subalit bihirang naipapahayag ng mga aktwal na nakararanas ang kanilang boses, lalo na ang mga katutubong higit na nakararanas ng displacement. Makikita mula sa kasaysayan ng mga Ati na bulnerable ang mga katutubo sa paulit-ulit na displacement dahil sa kanilang marhinalisadong posisyon sa lipunan. Kaya mahalagang mapatampok ang kuwento ng kanilang resettlement mula sa

kanilang perspektibo na siyang magiging batayan hindi lamang ng mga polisiya kundi maging mga tunguhin ng kanilang komunidad.

### **Pagsibol ng Pamayanan**

Madalas na nabibigyang-diin ang epekto ng displacement sa mga katutubo, ngunit sa karanasan ng mga Ati sa Rizal, lumitaw ang kanilang aktibong gampanin upang paunlarin ang kanilang sitwasyon sa panahon ng resettlement. Sa kanilang naratibo, may gampanin ang kanilang katutubong kaalaman at kasanayan sa pagsisikap sa pamamagitan ng social capital formation at livelihood reconstruction. Inilalangkap nila ito sa pagbuo ng mga relasyon at kabuhayan sa Rizal. Kasabay ng paggamit ng kanilang katutubong kaalaman at kasanayan, sumasabay din ang mga Ati sa umiiral na kultura sa nilipatang komunidad. Tinatawag nila itong ‘pagsabay sa uso.’ Maaari rin itong tawaging selective assimilation, kung saan intensyunal na pinipili ang kulturang pananatilihin at aangkupan mula sa labas.

### ***Social Capital Formation***

Isa sa naging bahagi ng pagsisikap ng mga Ati sa muling pagbubuo nila ng pamayanan ay ang social capital formation. May iba’t iba uri ng *social capital* (Agnitsch et al., 2006), at lumilitaw sa naratibo ng mga Ati kung paano naging susi dito ang relasyon sa loob at labas ng kanilang komunidad. Partikular na rito ang kanilang katutubong wika, paraan ng pamamahala, at aktitud na nakatulong sa pagpapabuti ng panloob na relasyon upang mapanatili ang pagtutulungan at panlabas na relasyon upang makapagbukas ng oportunidad.

Una, ang *bonding social capital* ay tumutukoy sa malapit na ugnayan sa pagitan ng mga magkakatulad na mga indibidwal o grupo na siyang nagpapalakas sa pagkakaisa at nagpapatibay ng *social cohesion* sa loob ng kanilang grupo o komunidad. Malaki ang ginampanan ng malakas na *sense of community* ng mga Ati sa proseso ng kanilang resettlement. Nagmumula ang sense of community na ito sa iisang pagkakakilanlan at kultura nila bilang mga katutubong Ati.

Tinukoy ng mga katutubong Ati ang kanilang wikang Inati bilang batayan ng kanilang pagkakakilanlan, kaya mahalaga ito sa pagpapanatili ng kanilang *sense of identity* sa nilipatang lugar. Dagdag pa ng isa nilang elder, ang paggamit ng kanilang wikang Inati ang nagbigay-daan upang magkaunawaan ang isa't isa. Bagaman magkakaiba sila ng pinagmulang probinsya, ang pagiging Ati ang naging batayan nila upang magsama-sama at magtulungan na buuin ang kanilang komunidad.

Bukod sa katutubong wika, pinanatili rin ng mga katutubong Ati ang kanilang katutubong istruktura sa pamamahala. Malakas pa rin ang pagkilala sa Chieftain at napanatili pa rin ang paghingi ng gabay sa mga elders. Naging daluyan ang mga katutubong istrukturang ito sa pagpapanatili ng kaayusan sa loob ng tribo—pagtiyak ng maayos na ugnayan at pag-aayos ng mga alitan sa pagitan ng mga kasapi ng tribo.

Pangalawa, kaakibat naman ng pagtiyak sa panloob na ugnayan ng tribo ay ang pagtiyak rin sa ugnayan nito sa iba pang mga grupo at institusyon. Ayon kina Quetulio-Navarra et al. (2013), may dalawang dimensyon ang social capital—ang *bridging social capital* at *linking social capital*.

Sa isang banda, ang bridging social capital ay ang *horizontal dimension* na nakatuon sa paglikha ng mga koneksyon o ugnayan sa pagitan ng magkakaibang indibidwal, grupo, o komunidad, upang malampasan ang anumang pagkakahiwalay o pagkakawatak-watak dulot ng pagkakaiba ng relihiyon, etnisidad, sosyo-ekonomikong katayuan, at iba pa. Sa Sitio Maislap, hindi lamang komunidad ng mga Ati ang naninirahan. Sa mga kwentuhan, madalas nababanggit ng mga Ati ang iba't ibang mga relihiyong kinaaaniban ng mga tao sa lugar tulad ng Islam, Katoliko, at Iglesia ni Cristo. Kasama ring naninirahan ng mga Ati sa lugar ang iba pang mga etnikong grupo tulad ng mga Muslim, Dumagat, Bisaya, at Waray.

Ayon sa mga Ati, nagkakaroon sila ng marahas na alitan noon sa mga Muslim, ngunit naging maayos na ang relasyon nila dahil sa gampanin ng Chieftain bilang tagapamagitan.

Naibahagi rin nila na pinapatuloy sila ng mga Muslim sa kanilang moske bilang *evacuation center* tuwing may malakas na bagyo. Nagpahiram rin sila ng lupa para magamit ng mga miyembro ng komunidad sa pagtanim, pag-uuling, at pag-aalaga ng hayop. Ayon sa mga Ati, mayroon silang katangiang ayaw o laging lumalayo sa gulo at idinadaan sa pakikipag-usap ang mga sumusulpot na gulo. Ang ganitong katangian at pamamaraan ang pinanghahawakan ng mga katutubong Ati sa pagpapanatili ng kanilang panloob na kaayusan at maayos na ugnayan sa iba pang mga grupong kasama nila sa Sitio Maislap.

Bukod sa iba pang grupo sa komunidad, may ugnayan din ang mga Ati sa people's organization (PO), kung saan naging bahagi rin ang kanilang kasalukuyang Chieftain. Ito ang nag-organisa ng mga kabataan sa komunidad at nagsasagawa ng mga kultural na mga inisyatiba tulad ng pagtuturo ng pangkatutubong pagsayaw at pagsuot ng tradisyunal na mga kasuotan. Naging daan din ang PO para sa *cross-cultural exchange* sa pagitan ng mga Ati at iba pang mga katutubo tulad ng mga Lumad.

Sa kabilang banda, ang linking social capital naman ay ang *vertical dimension* na nagpapalawak sa ugnayan ng mga mahihirap sa mga mapagkukunan ng rekurso, ideya, at impormasyon mula sa mga institusyon sa labas ng kanilang sariling komunidad. Sa konteksto ng komunidad ng mga Ati, malaki ang papel ng Chieftain bilang kinatawan ng komunidad sa kanilang mga panlabas na ugnayan. Halimbawa nito ang ginawang paglapit ng Chieftain sa NCIP upang matulungan silang makakuha ng sariling lupa para sa kanilang komunidad at ang patuloy na pakikipag-ugnayan nito sa IPMR, na isang Dumagat, upang magkaroon ng pagkilala sa kanilang tribo sa pamamagitan ng pag-ampon sa kanila. Pangunahing layunin ng hakbang na ito ay ang magkaroon sila ng akses sa mga serbisyong panlipunan mula sa gobyerno.

Mahalaga ang gampanin ng kanilang katutubong pamamaraan sa pamamahala sa akses sa mga rekurso. Nakipag-ugnayan ang Chieftain sa kanilang barangay upang hilingin

na mapatambakan ang lupa ng mga kabahayan ng mga Ati na noon ay mas mababa pa sa kalsada. Sa mga panahon ng sakuna o kalamidad, nakakakuha rin sila ng *relief goods* mula rito. Pinananatili rin ng mga Ati ang pakikipag-ugnayan sa mga institusyong panrelihiyon dahil sa nakuha at nakukuha nilang suporta mula sa mga ito. Halimbawa nito ay ang nakilala ng asawa ng dating Chieftain na pari na mula sa Couples for Christ na umugnay sa Gawad Kalinga upang mapatayuan sila ng mga bahay kapalit ng 38 linggong seminar at pagmimisa. Bagaman inalok silang sumama sa Couples for Christ, tinanggihan nila ito dahil iba ito sa kanilang katutubong paraan ng pamumuhay. Ayon pa sa isang Nanay, mainam pa ring panatilihin ang ugnayan sa mga institusyong ito dahil sa natatanggap nilang mga ayuda mula sa mga ito.

Bukod sa rekurso, mahalaga rin ang kanilang pagkakakilanlan bilang Ati sa pagkilos para sa kanilang seguridad sa paninirahan. Aktibo ngayon ang homeowners association (HOA) ng mga Ati na may malaking gampanin sa pagtugon sa kanilang lupa. Mahalaga raw para sa kanila na Ati rin ang kinatawan ng kanilang HOA, dahil ayon sa kanila, mga Ati rin ang makakaunawa sa ugali ng kanilang tribo. Bahagi ng selective assimilation ng mga Ati ang pagbubuo ng HOA at pagtatakda ng kinatawan para rito. Masasabing isang modipikasyon ito ng kanilang pamamaraan ng pamamahala batay sa hinihingi ng kalagayan sa lugar bilang isang *relocation site*. Sa ganitong kaayusan nagkakaroon ng hatian ng gawain sa usapin ng pamamahala kung saan ang pangunahing tuon ng Chieftain at mga elders ay ang pagpapanatili ng internal na kaayusan at pagharap sa mga internal na usapin ng tribo. Ang HOA naman ang pangunahing umaasikaso sa pag-ugnay sa mga institusyong labas sa kanilang tribo ngunit nananatili pa rin sa gabay at instruksyon ng Chieftain ng mga elders.

May mahigpit ring ugnayan ang Chieftain ng mga Ati sa iba pang institusyon na nagbibigay ng rekurso at serbisyo. Bukod sa Gawad Kalinga, nalalapitan ng komunidad ang

iba pang mga non-governmental organizations (NGOs) hindi lamang para sa donasyon kundi pati na rin para sa mga *scholarship* at mga *sponsors* para sa edukasyon ng mga kabataan.

Sa kabuuan, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng matatag na ugnayan panloob ng komunidad, nagkakaroon ang mga Ati ng kolektibong lakas na nagsisilbing pundasyon sa kanilang pagbuo ng panlabas na social capital. Ang pagpapahigpit ng social cohesion ng komunidad ay nagbibigay ng kakayahan sa kanila na kumilos bilang isang kolektibo na may iisang tunguhin at mga layunin. Sa pamamagitan nito, nakakapagbuo ang mga Ati ng relasyon sa iba't ibang mga aktor na nagsisilbing tulay sa pagtataguyod nila na makatanggap ng mga serbisyong panlipunan at iba pang rekurso na kinakailangan para sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at pag-unlad ng kanilang pamayanan.

Ayon kay Woolcock (1998, sinipi ni Agnitsch et al., 2006) ang malalalim na ugnayan sa loob ng isang grupo (*embeddedness*) at ang mga ugnayan sa iba't ibang grupo (*autonomous*) ay parehong mahalaga sa pag-unlad ng komunidad. Kinikilala rin na ang panloob na ugnayan ng komunidad ay hindi sumasapat upang maghatid ng pangmatagalang pag-unlad. Sa bonding social capital nabubuo ang hangarin na kumilos para sa kolektibong kapakanan ng komunidad, ngunit ang kakayahan na kumilos ay nauugnay sa kanilang panlabas na social capital. Ang bonding social capital ay mahalaga para sa pang-araw-araw na pamumuhay o para "makaraos," samantalang ang bridging social capital naman ay kinakailangan para "makaahon" mula sa kanilang sitwasyon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng akses sa mga rekurso na kailangan para makamit ito (Agnitsch et al., 2006). Sa ganitong paraan, nagiging tuntungan ang mga katutubong kaalaman at kasanayan sa mga pagsisikap ng mga katutubong Ati sa pagpapaunlad ng kanilang komunidad. Pinapakita ng mga kuwento ng Ati sa pagbuo ng panloob at panlabas na social capital ang kanilang aktibong gampanin sa pagtaguyod ng kanilang komunidad sa pamamagitan ng wika, katutubong paraan ng pamamahala, at aktitud. Ang aktibong partisipasyon nila sa proseso ng resettlement ay

nagpapakita na hindi sila pasibo. Binabangga nito ang pagtingin sa kanila bilang mga biktima lamang ng kanilang kapalaran, at pinapakita ang kanilang kakayahan na maging aktibong kalahok sa pagbuo ng kanilang kinabukasan.

### ***Livelihood Reconstruction***

Nagamit din ng mga Ati ang kanilang katutubong kaalaman sa muling pagbubuo ng kanilang kabuhayan sa Rodriguez, Rizal na malaki ang naitutulong upang mairaos ang kanilang mga pangangailangan sa araw-araw. Isa sa kabuhayan ng mga katutubong Ati sa kasalukuyan ay ang pagbebenta sa bayan ng kanilang mga nakukuha sa kagubatan tulad ng mga herbal na gamot na kinukuha mula sa bundok tuwing Mahal na Araw sa paniniwalang mas mabisa ito kapag kinuha ng Biyernes Santo. Dagdag pa rito, inaabot sila ng isang buong araw sa paghahanap ng mga bato kagaya ng *santo ara (yellow calcite)* at *dyamanteng negra (pyrite)* upang gamitin sa ginagawang mga agimat. Bukod dito, gumagawa rin sila ng langis na pampahid sa masakit na bahagi ng katawan at *bracelet* na may mga pangontra sa usog. Nabahagi rin nila na naghuhukay na lamang sila sa mga balon at nangunguha ng mga bunga sa mga puno bilang pamatid uhaw at gutom. May mga pagkakataon din na ang ilan sa kanila ay bumabalik sa kanilang mga pinanggalingang probinsya sa Panay upang manguha ng mga herbal na gamot.

Nangagaso rin sila ng iba't ibang hayop kagaya ng bayawak, sawa, pagong, unggoy, musang, at baboy ramo na kanilang kinokonsumo at ibinebenta. Naninilo sila ng mga bitag at nagsasanay ng kanilang mga alagang aso upang makahuli ng mga hayop na ito sa kagubatan. Isa raw ito sa mga katutubong kaalaman nila na nakuha pa nila sa kanilang mga ninuno. Nabanggit din nila na silang mga katutubo ay hindi gaanong mahilig sa karne ng manok at baboy, bagkus, ang mga karne ng hayop na kanilang nahuhuli sa kagubatan ang nagsisilbi nilang karne.

Marami rin silang kaalaman sa agrikultura na nakatulong sa kanilang kabuhayan. Nagtatanim sila ng iba't ibang gulay kagaya ng pechay, palay, mustasa, talong, sitaw, at kamoteng kahoy na binebenta nila at kinakain. Nangunguha rin sila ng *wild orchids* at *bonsai* sa kagubatan na ipinagbibili sa iba't ibang lugar. Ang iba sa kanila ay nag-aalaga at nagpaparami ng mga manok, pato, at itik na kanilang ibinebenta rin. Noong kasagsagan ng pandemya, malaki raw ang naitulong ng pag-aalaga ng mga hayop dahil kahit papano ay nagkaroon sila ng pera panggastos sa gitna ng *lockdown*. Maalam din silang mangisda, at noong malinis pa ang ilog na malapit sa kanilang komunidad ay nakakapanghuli sila ng maliliit na hipon at biya na kinokonsumo at ibinebenta nila tuwing marami ang kanilang huli.

Panghuli, nakakapag-uling din sila sa mga kabundukan upang ibenta at gamitin sa kanilang mga kabahayan. Nabanggit nila na ang kadalasang bumibili ng kanilang mga sako-sakong uling ay ang karatig-komunidad ng mga Muslim. Sa proseso ng pag-uuling, ginagamit nila ang kanilang kaalaman upang tukuyin ang mga sanga ng puno na maaaring gawing uling. Ayon sa kanila, hindi nila inuuling ang mga puno kagaya ng *narra* dahil alam nilang labag ito sa batas.

Naging matingkad sa muling pagbubuo ng mga Ati ng kanilang kabuhayan ang integrasyon nila sa *cash economy*. Mapapansin na ang paggawa nila ng mga halamang gamot at mga gawaing agrikultural ay hindi na lamang para sa sariling pangangailangan kundi upang kumita ng salapi. Napapakita din ito sa pagpasok ng mga Ati sa mga trabahong tulad ng construction at pakikiarawan. Ganito rin ang mapapansin sa nakakaraming kababaihang Aeta matapos ang pagputok ng Bundok Pinatubo, kung saan tinignan nila ang pagiging katulong bilang pinakapraktikal na tunguhin para sa kanilang mga namumuhay sa resettlement dahil ito ang pinakamabilis na paraan upang makalikom ng salapi na maaaring ibigay sa pamilya lalo na sa mga anak na pinag-aaaral (Santos, 2001). Nagbubunsod ang

pamamayani ng *market-oriented* na agrikultura at *forestry practices* ng pagkawala ng mga katutubong kaalaman (Grenier, 1998).

Batay sa mga pag-aaral, maraming nakakabit na usapin sa resettlement na may kaugnayan sa kabuhayan, pamayanan, kultura at pagkakakilanlan. Inilahad ni Bawagan (2010) na may mga pagkakataong tuluyang itinatakwil ng mga katutubo ang kanilang pagkakakilanlan dulot ng diskriminasyon sa nilipatang lugar. Dagdag pa rito ang matinding kahirapan sa lilipatang lugar bunga na rin ng kawalan at/o kakulangan ng kabuhayan at suporta mula sa kinauukulan (Cernea, 1997). Sa halip na tignan ang mga sapolitang lumipat at ni-*resettle* bilang mga biktima na walang kontrol sa nangyayari at naghihintay lamang ng tulong mula sa iba, ipinakikita ng mga pag-aaral na gumagawa sila ng paraan upang angkupan at tugunan ang kanilang kalagayan. Sa bahagi rin ng mga katutubo, ipinakita kung paano naging mahalagang bahagi ang kanilang katutubong kaalaman sa kanilang mga pagsisikap na pakitunguhan ang kanilang kalagayan—kabuhayan, pamayanan, pagkakakilanlan at kultura sa panahon ng displacement at resettlement (Watanabe, 2007). Sa kaso ng mga Ati, malinaw na kanilang nagagamit sa muling pagtatatag ng kabuhayan ang mga katutubong kaalaman na kanilang nadala mula sa lupaing ninuno.

### ***Selective Assimilation***

Sa proseso ng selective assimilation ay nailalangkap ng mga Ati ang kanilang mga katutubong kaalaman at kasanayan sa dinatnang kultura, pulitika, at ekonomiya. May isang antas rin sila ng kalayaang pumili kung aling mga kaalaman at kasanayan ang ilalangkap nila sa kanilang dala-dala na mga katutubong kaalaman at kasanayan batay sa nakikita nilang gamit o halaga ng mga ito sa kanilang *survival* sa nilipatang lugar. Sa kabila nito, may pangangailangan na tuklasin at pag-aralan pa kung paano nila pinapaunlad ang kanilang katutubong kaalaman at kasanayan sa proseso ng assimilation.

Isang batayan ng mga Ati sa pagpapanatili ng kanilang katutubong kaalaman at kasanayan ay ang ikinakabit at nakikita nilang halaga nito para sa kanilang survival sa bago nilang panirahan. Halimbawa nito ay ang kabuhayan nilang pagbebenta ng herbal na gamot. Sa parehong batayan din sila namimili ng mga kaalaman at kasanayan mula sa lugar na nilipatan. Kabilang din dito ang pagpasok at pakikisalamuha sa iba't ibang institusyon at grupo. Halimbawa nito ay ang pagpapaloob sa HOA para sa kanilang seguridad sa paninirahan at pagsali sa iba't ibang mga relihiyon sa nilipatang lugar buhat ng tulong at suporta na kanilang ibinigay. Mula rito, masasabing may isang antas ng pamimili ang mga Ati sa tinutungo ng kanilang assimilation. Ipinapakita nito ang dinamikong katangian ng mga katutubong kaalaman kung saan may kakayahang piliin at gamitin ang mga makabagong kaalaman at pamamaraan upang angkinin o maging bahagi na.

Gayunman, hindi masasabing ang mga Ati ang pangunahing nagtatakda ng tunguhin ng pagsabay nila sa uso sa kasalukuyan. Ang kasalukuyang direksyong tinutungo ng kanilang assimilation ay bunga ng paglala ng mga suliraning kinakaharap nila. Patunay dito ang integrasyon nila sa cash economy. Naitatakda nila ang halaga ng mga kaalaman at kasanayan batay sa araw-araw na survival sa ilalim ng cash economy. Kaakibat nito, hindi maitatangi ang internalisasyon ng mga Ati ng kahirapan at pagmamaliit ng sarili o kaya naman ay pagsisisi sa pagiging katutubo. Sa halip na makita ang kanilang pagsisikap, mas napapatampok nila sa mga kwento ang mga personahe, tulad ng mga pulitiko at pastor. Maaari ring sabihin na ang tunguhing magkanya-kanya ay bunga at manipestasyon ng paglala ng kanilang kalagayan at limitasyong ipinapataw ng kasalukuyang istrukturang panlipunan.

Bukod dito, ipinapahayag din ng mga Ati na unti-unti nang hindi napapraktis ang kanilang kultura. Gaya ng nabanggit, ayon sa mga Ati, mahalaga ang gampanin ng pagpapatuloy ng paggamit ng kanilang wikang Inati sa pagpapanatili at pagpapalakas ng ugnayan nila sa isa't isa. Subalit, kininilala rin nila ang halaga ng pag-aaral ng Tagalog para

sa araw-araw na pakikisalamuha nila sa nilipatang lugar. Gayunman, unti-unti na raw nawawala ang wikang Inati, dahil karamihan sa mga batang henerasyon ay sa Rizal na ipinanganak at lumaki.

Sa ganitong kalagayan, isang malaking hamon daw para sa kanilang mga katutubong Ati kung paano pananatilihin ang kanilang mga katutubong kaalaman at kasanayan. Lalo itong litaw sa kasalukuyang paglala ng kahirapan dulot ng istrukturang panlipunan. Subalit, mahalagang kilalanin na nariyan na ang mga pagsisikap na maaaring paghalawan ng aral at tuntungan ng mga susunod pang mga pagsisikap. Gayundin, mahalagang kilalanin na nananatili pa rin ang kahalagahan ng kanilang katutubong kaalaman at kasanayan bilang sandigan sa pagpapaunlad pa ng kanilang mga pagsisikap.

### **Paghawan ng Masukal na Istruktura**

Bagaman may aktibong gampanin ang komunidad upang umangkop sa resettlement, hindi na ito sumasapat dahil sa mga panlabas na puwersa mula sa istruktura ng lipunan. Sa pagdaan ng panahon, unti-unting lumala ang mga kondisyong humahadlang sa mga dating paraan ng pag-angkop sa resettlement na nagdudulot upang mas maging bulnerable ang mga Ati sa karahasan ng istruktura.

Una, nananatili ang diskriminasyon laban sa mga Ati. Nang malipat ang kanilang komunidad sa Sitio Maislap, ininsulto sila ng noong alkalde ng Rizal at sinabihan na “dumating na pala ang mga unggoy.” Higit pa rito, ipinahahayag ng mga Ati na itinuturing silang hayop na mababang uri at walang alam ng mga taga-labas. “Diskriminasyon ang tawag doon diba? Kasi yung katutubo, yan ang pinagmulan ng ano nila. Yung mga walang wala, ginagawang pera. Kumbaga sa ano, yung baboy na inalagaan mo, ibebenta mo,” saad ng isang elder. Binahagi rin ng isang elder na pinagtabas siya ng isang opisyaales sa isang lote upang ipahiram sa kanya at mapagtaniman, ngunit nang matapos niya ang pagtatabas, binawi ng opisyaales ang napagkasunduan. Hanggang ngayon, nakararanas ng *bullying* ang mga

kabataang Ati hindi lamang mula sa kanilang kaklase kundi sa mga guro na tinatawag silang “bobo” o walang alam. Dahil dito, mayroong mga pinipili na lamang na tumigil sa pag-aaral.

Sa kasalukuyan, may naninirahan pa ring mga Ati sa tabing-ilog ng Sitio Katwiran. Bagaman nais na nilang umalis doon, pinipigilan sila ng mga namamahala dahil lumilitaw na napakikinabangan ng mga ito ang pagkasira ng mga kabahayan tuwing may sakuna. Mas madali raw makakuha ng donasyon at tulong dahil higit na kaawa-awa ang mga “maiitim.”

Sa katunayan, may bahagi rin ang mga Civil Society Organizations (CSO) sa pagpapalaganap ng diskriminasyon. Madalas daw na kuhanan sila ng mga litrato upang ipakitang kaawa-awa ang kanilang sitwasyon at maudyok ang mga institusyon at indibidwal na magbigay ng mga donasyong kalimitang hindi naman napupunta sa komunidad. Samakatwid, nasususugan nito ang *stereotype* na kawawa, walang alam, at walang kakayahan ang mga Ati.

“Parang nagsisisi ako na katutubo pa ako, dapat hindi, kasi ang katutubo walang magandang buhay. Mahirap. Mahirap ang aming buhay, katutubo,” ayon sa isang elder. Dahil sa paulit-ulit na karanasan ng diskriminasyon, kapansin-pansin ang *internalized oppression* sa mga Ati at pinaniniwalaan na rin nila ang mga negatibong katangiang ipinapataw sa kanila. Pumipigil ito sa kanila na tumangan ng lideratong posisyon. Nabanggit ng isang elder na hindi niya tinanggap ang posisyon bilang presidente ng HOA noon dahil wala siyang alam at walang pinag-aralan hindi tulad ng taga-labas na naninirahan sa kanilang komunidad. Humahadlang din ito upang makita nila ang kanilang mahalagang gampanin sa pag-unlad ng kanilang komunidad. Sa halip, ang kanilang mga pagsisikap ay nakikita nilang utang na loob sa estado at kapalit ng kanilang pagsunod dito. Ayon sa isang elder,

“Ang gobyerno kasi parang panginoon natin yan na magbigay proteksyon satin.

Katulad sa baranggay, kung pasaway ka dito, sinong baranggay ang gagalang sayo

dito? Sisipain ka pero pag ikaw ay nakikita nilang sumusunod sa kanila at nirerespeto mo, talagang aanuhin ka.”

Bunsod nito, may hesitasyong igiit ang kanilang karapatan mula sa estado.

Pangalawa, dahil sa lumalalang pagkasira ng kalikasan dulot ng *landfill* at *quarry*, marami sa kanilang pagsisikap noon ay labis na naapektuhan lalo na ang kanilang kabuhayan. Ang mga ilog na pinagkukunan nila ng tubig at isda ay naging burak na. Ang kabundukang kanilang pinangangasuhan at pinagkukunan ng mga materyales para sa herbal na gamot ay nakakalbo na, kaya palayo nang palayo ang kailangan nilang akyatin. Mahigpit ang ugnayan ng kultura ng mga Ati sa kalikasan, kaya malubha rin ang implikasyon ng pagkasira ng kalikasan sa pagpapanatili ng kultura. Lumilitaw dito ang sistematikong di-pagkakapantay-pantay at institusyunal na diskriminasyon na nararanasan ng mga katutubo. Ayon sa mga Ati, pinahihintulutan ng Department of Environmental and Natural Resources (DENR) ang malawakang quarrying ng mga korporasyon, ngunit ang sustenableng praktis ng pag-uuling ng mga Ati ay higit na ipinagbabawal. Sa katunayan, isinisisi ng DENR sa kanila ang pagkabalbo ng kabundukan. Gayundin, pinagbabawalan silang na mangaso at hinuhuli ang kanilang mga alagang aso ng *dog pound* kung kaya tanging pangkonsumo na lamang nila ang kanilang mga nahuhuli.

Pangatlo, dahil sa mabilis na urbanisasyon sa Rizal, laganap ang pagpapalit-gamit ng maraming lupain. Dahil dito, ang dating napagtataniman ng mga palay at iba pang pananim ay napagtatayuan na ng mga gusali at kabahayan. Ayon sa mga Ati, hindi itinuturing ng estado na agrikultural na lupa ang Rodriguez, Rizal. Sa halip ay nakatuon ito bilang relocation site. Taliwas ito sa pananaw ng mga Ati kung saan nakikita nilang sagana ang lupain para mapagtataniman. Ayon sa kasalukuyang Chieftain, maaaring linangin ang Rodriguez bilang agrikultural na lupa para sa seguridad sa pagkain.

Pang-apat, malaking suliranin para sa mga Ati ang *land dispute* sa lupang tinitirhan nila ngayon. Hindi malinaw kung sino ang may ligal na pagmamay-ari sa lupa at kung ano ang kasalukuyang sitwasyon nito. Ayon sa balita ng Philstar (2006), donasyon umano ng dating Mayor Pedro Cuerpo ang lupa upang pagtayuan ng kabahayan. Subalit, ayon naman sa mga Ati, sinisingil sila noon buwan-buwan at hindi na naibalik ang kanilang pera nang *ma-bankrupt* umano ang kanilang pinaghuhulugan. Wala na rin silang maipakitang patunay na nagbayad sila noon dahil nawala ang kanilang mga resibo nang bahain sila ng bagyong Ondoy noong 2009. Sinanla rin umano nang ilang beses ang lupa at kasalukuyang nasa korte pa ang kaso. Kung gayon, nananatiling walang kasiguraduhan ang kanilang karapatan sa lupa at may bantang muling mapaalis sila sa Sitio Maislap.

Panghuli, ang mga nabanggit na suliranin ay maiuugnay sa kapabayaan ng estado na naglalagay sa mga Ati sa mardyinalisadong posisyon. Walang internasyunal na batas na susuporta sa mga IDP sa panahon ng resettlement, kaya higit pa silang nagiging vulnerable matapos ang displacement (Kingston & Datta, 2012). Dagdag pa, walang rekord o datos ang gobyerno patungkol sa mga Ati bukod sa *census*, kaya walang mapagbabatayan kung ano ang kasalukuyang kalagayan ng lupa. Hindi rin masagot ng lokal na pamahalaan kung ano ang estado ng lupang tinitirhan ng komunidad ngayon, at wala pang ibinibigay na suporta upang maging malinaw ito para sa komunidad. Sa kaso ng mga Ati, bukod pa sa kawalan ng batas, ang mismong mga batas ang humahadlang sa mga Ati na paunlarin ang kanilang komunidad. Samakatwid, lalo lamang silang nilulugmok ng batas sa marhinalisasyon. Bagaman may suportang ibinibigay ang pamahalaan, limitado lamang ito sa mga panandaliang serbisyo, tulad ng donasyon, *medical missions*, at ayuda.

Higit na nakaaapekto sa mga Ati bilang katutubo ang kawalan ng seguridad sa lupa. Wala silang espasyo upang linangin ang kanilang kultura na mahigpit ang ugnayan sa lupa. Halimbawa, walang espasyo ang mga Ati para maglunsad ng mga aktibidad para sa Buwan

ng mga Katutubo tulad ng mga Dumagat. Dagdag pa rito, walang representasyon ang mga Ati bilang mga katutubo sa baranggay dahil hindi sila kinikilalang katutubo sa probinsya ng Rizal ayon sa IPRA. Kaya wala ring maiaambag ang NCIP sa rehiyon patungkol sa kanilang land dispute dahil ang kinikilala lamang ng batas na lupaing ninuno ng mga Ati ay nasa Panay.

Lumilitaw mula sa kasalukuyang kondisyon ng mga Ati na nagpapatuloy pa rin ang istruktural na karahasan. Ang institusyunal na diskriminasyon, sistematikong di-pagkakapantay-pantay, at kapabayaan ng estado na nagtulak sa kanilang displacement ay nararanasan pa rin nila sa kasalukuyan na humahadlang sa kanilang pagsisikap na umangkop sa resettlement.

### **Paglinang Para sa Masaganang ani**

Ang pagpapatuloy ng structural violence sa paglala ng mga kasalukuyang kondisyon at suliraning kinakaharap ng mga katutubong Ati sa Rodriguez, Rizal ay nagdudulot ng mga balakid na humahadlang sa kanilang mga pagsisikap na umangkop. Dahil dito, nagkakaroon ng kontradiksyon sa pagitan ng paggiit ng ahensya ng komunidad at tuluyang pagsasailalim sa lipunang nagtutulak sa kanila sa marhinalisadong posisyon. Samakatwid, kinakailangang ang kanilang pagsisikap ay tumungo sa pagiging transpormasyunal.

Katulad ng naunang nabanggit, may isang antas nang inabot ang mga pagsisikap ng mga katutubong Ati batay sa konseptwalisasyon ni Longwe (2002) kaugnay ng pagtitiyak ng kanilang kagalingan (welfare) at akses sa mga rekurso. Sa kabilang banda, ipinapakita rin ng mga karanasan ng katutubong Ati ang pangangailangan ng higit pang pag-unawa sa lumalalang mga suliraning kinakaharap nila. Sandigan ito ng pagtataas ng antas ng kanilang pagsisikap tungo sa pagpapalawak at pagpapalakas ng kanilang kontrol sa kalagayan at sa pagtatakda ng kanilang tunguhin. Sa pagsasakatuparan ng prosesong ito, makikita ang mahalagang gampanin ng Community Organizing-Community Development (CO-CD). Kinikilala na ang mga estratehiya sa CO-CD ay magdadala sa komunidad patungo sa

kanilang mga tinatanaw ay maaaring tumuntong sa mga adbokasiyang bitbit ng mga Ati: akses sa mga batayang serbisyo at oportunidad, seguridad sa lupa, pulitikal na representasyon, pangangalaga sa kalikasan, pagkakaroon ng sapat na kabuhayan, at pagpapayaman ng kultura.

Malaking salik ang ginagampanan ng wika sa pagpapayaman at pagpapalakas ng identidad ng komunidad bilang isang tribo. Kung gayon, malaki rin ang potensyal nito bilang tuntungan ng pagpapataas ng antas ng kamulatan ng tribo. Dito pumapasok ang kahalagahan ng ninanais ng mga katutubong Ati na maituro at muling maipalaganap sa kanilang tribo, lalo na sa mga bata, ang kanilang wikang Inati. Para sa kanila, ito ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga katutubo. Bukod dito, kritikal din sa pagpapanatili ng social cohesion ng tribo ang pananatili ng katutubong organisasyon sa pamamahala sa pamamagitan ng kanilang tinatawag na Chieftain at elders. Ang Chieftain at elders ang nagsisilbing sentruhan ng mga internal na usapin ng tribo at nagtitiyak ng kaisahan at paglahok ng bawat kasapi sa anumang pagsisikap ng kanilang tribo. Kaakibat nito ay ang malinaw na inilalahad ng tribo sa pangangailangan ng Tribal Hall. Masasabing espasyo ito ng pagsasama-sama at sentro rin ang kolektibong pag-aaral at pagpapasa ng mga katutubong kaalaman at kasanayan ng mga Ati, na maiihalintulad sa natukoy ni Watanabe (2007) sa kahalagahan ng mga Mosque para sa mga Muslim na lumilipat sa Kalakhang Maynila mula sa Mindanao.

May nasisimulan na rin ang tribo sa usapin ng kanilang kolektibong pagkilos na makikita sa kanilang pakikipag-ugnayan sa labas ng komunidad. Maiuugnay ito sa konsepto ni Longwe (2002) ng mobilisasyon kung saan nagsasama-sama ang mga grupo dahil sa pag-unawa na ang kanilang kalagayan ay kinakailangan ng kolektibong pagkilos. Mahalagang bigyang pansin ang pagpapalakas ng ugnayan ng mga Ati sa iba pang grupo sa kanilang lugar o ang kanilang bridging social capital. Pinapakita ng nakaraang dayalogo ng mga HOA sa DENR ang kanilang iisang pagtingin kaugnay ng pagkasira ng kalikasan bunga

ng nagpapatuloy na quarry sa lugar at mga usaping kakabit ng kalapit nilang landfill. Malinaw na ang mga suliraning kinakaharap ng mga Ati ay sumasaklaw at nararanasan din ng iba pang grupo sa kanilang lugar. Batay rito, hindi sasapat ang social cohesion ng mga Ati upang harapin ang mga suliranin. Kung gayon, bahagi ang pagbubuo ng mas mahigpit pang kaisahan sa iba pang grupo sa kanilang lugar sa pagpapataas ng kanilang kakayahan at antas ng pagsisikap upang harapin at baguhin ang kasalukuyan nilang kalagayan. Pinalalawak ng pagbubuo ng bridging social capital ang saklaw na maaaring abutin ng social cohesion (Agnitsch, et al., 2006), upang tapatan ang saklaw ng suliraning kanilang kinakaharap. Isang pang mahalagang bigyang pansin ang paggagap ng mga Ati sa hanayan ng mga pwersang panlipunang umiiral at iniinugan ng mga suliraning kinakaharap nila. Malinaw na ipinahahayag ito ng mismong pagtukoy nila sa nararanasang diskriminasyon. Higit na tumampok ito sa parehong dayalogo na naganap sa pagitan nila kasama ang iba pang HOA sa kanilang lugar at ng DENR kung saan kanilang iginiit na hindi sila ang sumisira ng kalikasan dahil wala naman silang malalaking makinarya tulad ng mayroon ang landfill at mga kumpanya ng quarry sa lugar.

Nilalaman ng mga pagsisikap sa nakaraan ang pagigiit ng karapatan ng mga Ati para sa serbisyong panlipunan, mula sa mga kahilingan nila para sa patambak hanggang sa hinagap na magpa-ampon sa mga Agta ng Rizal para lamang magkaroon ng akses sa mga serbisyong panlipunan. Ganito rin ang pinapakita ng pakikipag-ugnayan nila sa iba't ibang institusyon, upang mapunan ang kakulangan sa kanilang pangangailangan sa pamamagitan ng mga natatanggap nilang mga relief at tulong. Kaalinsabay nito, itinaguyod ng mga Ati ang kanilang karapatan sa maayos na paninirahan at katiyakan sa lupang kinatitirikan nito. Mahalagang makita ang pangangailangang ilangkap sa mga pagsisikap na ito ang pagtataguyod ng paglaban sa tuloy-tuloy na pagkawasak ng kalikasan sa kanilang lugar na bahagi rin ng kanilang mga adbokasiya. Maliban sa epekto ng pagkawasak na ito sa kanilang

kabuhayan, malaki rin ang epekto nito para sa kultura ng mga Ati na nakahabi sa kalikasan at sumasalamin din sa mahigpit nilang ugnayan dito. Gayunpaman, isang mahalagang usapin ang mulat at tuloy-tuloy na pagtataguyod ng karapatan sa representasyon ng mga Ati sa kabuuang tunguhin ng kanilang mga pagsisikap sa hinaharap. Higit na tumatampok ang halaga nito sa pagtitiyak ng higit pang pagpapayaman ng kanilang mga katutubong kaalaman at kasanayan, bilang kongkretong manipestasyon ng pagpapanatili ng kanilang identidad bilang mga Ati.

Sa kabuuan, binibigyang mukha ng mga pagsisikap ng mga Ati ang kanilang mga tinatanaw na pangarap para sa kanilang tribo—isang buhay na payapa at may katiyakan sa araw-araw na pamumuhay sa isang maaliwalas na kapaligiran kung saan kanilang napapanatili ang kanilang kultura.

### **Konklusyon**

Sa mga karanasan ng Ati sa proseso ng resettlement sa Rodriguez, Rizal sa harap ng lumalalang mga suliranin dulot ng panlipunang istruktura, malinaw na nagsilbing bukal para sa tribo ang dala-dala nilang mga katutubong kaalaman at kasanayan. Higit na nakatulong ang kanilang mga IKSPs sa kanilang **social capital formation** kung saan ang kanilang malalim na sense of identity at sense of community bilang mga katutubong Ati ang pundasyon ng kanilang kolektibong pagkilos para sa kapakanan ng komunidad. Naging mahalaga din ito sa kanilang **livelihood reconstruction** kung saan ang kanilang mga kaalaman naman sa herbal na paggagamot, pangangaso, pag-uuling, at agrikultura ay nakatulong sa pagtugon sa kanilang kagyat na pangangailangan. Sa mga prosesong ito naganap ang kanilang **selective assimilation**, tulad na lamang ng pakikisalamuha sa iba't ibang institusyon at grupo at pagpasok sa cash economy, na nagpapakita ng kakayahan ng mga katutubong Ati na pakitunguhan ang mga kondisyon at suliraning kinaharap at patuloy na kinakaharap nila sa konteksto ng post-displacement at proseso ng resettlement.

Maaari itong magsilbing tuntungan sa paglulunsad ng higit pang pagsisikap tungo sa pagbago ng mismong istrukturang panlipunang nagkakait sa kanilang mga batayang karapatan. Sa huli, ang pagtugon sa mga kagyat na usapin pa rin ng mga katutubo ang magtatakda ng halaga ng anumang abstraksyon kaugnay ng kanilang identidad, kultura, at tunguhin. Mabibigyang-linaw at kabuluhan lamang ang mga ito sa pagtataguyod at pagkakamit nila ng maaliwalas na buhay na ipinagkakait sa kanila ng kasalukuyang marahas na istrukturang panlipunan. Ang mga katutubong Ati ang magpapasya at mapagpasya rito.

## Sanggunian

- Acaba, J. (2008). The Aeta's relocation and their struggle for survival. *Philippine Population Review*, 7(1).
- Agnitsch, K., Flora, J., & Ryan, V. (2006). Bonding and Bridging Social Capital: The Interactive Effects on Community Action. *Community Development*, 37(1), 36-51.  
DOI: 10.1080/15575330609490153
- Amnesty International. (2022, October 31). *Indigenous peoples rights are human rights*.  
<https://www.amnesty.org/en/what-we-do/indigenous-peoples/>
- Baruah, K. (2000). A forgotten people: The Ati community of Aklan. *Philippine Quarterly of Culture And Society*, 28(3). <https://www.jstor.org/stable/29792465>
- Bawagan, A. (2010). Towards a Culturally-Relevant Pedagogy: Importance of Culturally-Sensitive Teaching Materials and Methodology. *The Asia-Pacific Education Researcher*. 19. <https://doi.org/10.3860/taper.v19i2.1591>
- Berger, D. N. (n.d.). Indigenous World 2019: Philippines. IWGIA.  
<https://www.iwgia.org/en/philippines/3416-iw2019-philippines.html>
- Bose, I., & Singh, H. (2021). *Roadmap to a Framework for the Protection of Climate Migrants*. ActionAid International.  
<https://actionaid.org/publications/2021/roadmap-framework-protection-climate-migrants>
- Carandang, A., Bugayong, L., Dolom, P., Garcia, L., Espiritu, N., & Villanueva, M. (2013). *Analysis of Key Drivers of Deforestation and Forest Degradation in the Philippines*. Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH.
- Cariño, J. K. (2012). *Country Technical Notes on Indigenous Peoples' Issues*. International Fund for Agricultural Development.

[https://www.ifad.org/documents/38714170/40224860/philippines\\_ctn.pdf/ae0faa4a-2b65-4026-8d42-219db776c50d](https://www.ifad.org/documents/38714170/40224860/philippines_ctn.pdf/ae0faa4a-2b65-4026-8d42-219db776c50d)

Cernea, M. (1997). The risks and reconstruction model for resettling displaced populations.

*World Development*, 25(10), 1569-1587.

[https://doi.org/10.1016/S0305-750X\(97\)00054-5](https://doi.org/10.1016/S0305-750X(97)00054-5)

De Vera, D. (2007). Indigenous peoples in the Philippines: A Case Study.

[http://www.iapad.org/wp-content/uploads/2015/07/devera\\_ip\\_phl.pdf](http://www.iapad.org/wp-content/uploads/2015/07/devera_ip_phl.pdf).

Foundation for the Philippine Environment - Researches - Indigenous Peoples and

Community-Conserved Areas - Where are Indigenous Peoples Distributed in the

Philippines? (n.d.). *Indigenous peoples and community-conserved areas*.

<https://fpe.ph/indigenouscommunities.html/view/where-are-indigenous-peoples-distributed-in-the-philippines>

Freire, P. (1984). *Pedagogy of the oppressed*. Continuum.

Galtung, J. (1990). Cultural Violence. *Journal of Peace Research*, 27(3), 291–305.

<https://doi.org/10.1177/0022343390027003005>

Galtung, J., & Höivik, T. (1971). Structural and Direct Violence: A Note on

Operationalization. *Journal of Peace Research*, 8(1), 73–76.

<https://doi.org/10.1177/002234337100800108>

Gaventa, John (2006). Finding the Spaces for Change: A Power Analysis. *IDS Bulletin*,

Volume 37 Number 6.

Gavino, A. (2020). Ati, the Indigenous People of Panay: Their journey, ancestral

birthright and loss. *Dance MFA Student Scholarship*. 1.

<https://digitalcommons.hollins.edu/dancemfastudents/1>.

Grenier, L. (1998). Working with Indigenous Knowledge: A Guide for Researchers.

- Hagen, R. & Minter, T. (2019). Displacement in the name of development. How indigenous rights legislation fails to protect Philippine hunter-gatherers. *Society & Natural Resources*, 33(1), 65-82. <https://doi.org/10.1080/08941920.2019.1677970>
- International Labour Office Cooperative Branch & INDISCO. (1996). *The way we live : indigenous practices of the ifugaos atis and badjaos of the philippines*. International Labour Office Cooperative Branch.
- Kingston, L.N., & Datta, S. (2012). Strengthening the Norms of Global Responsibility: Structural Violence in Relation to Internal Displacement and Statelessness. *Global Responsibility to Protect*, 4, 475-504.
- Labayo, C. (2020). *Disaster, Resettlement and Vulnerability: A Case Study of Indigenous People in the Bicol Region of the Philippines* (Ph.D). Hiroshima University.
- Ledwith, M. (2005). *Community development: A critical approach* (Revised 2nd edition.). Policy Press.
- Longwe, S. (1991). Gender Awareness: The Missing Element in the Third World Development Project. In Wallace, T. and March, C. (Eds.), *Changing Perceptions: Writings on Gender and Development*, Oxford: Oxfam (UK and Ireland), 1991, 149-157 (also in Oxfam GB 1999 A Guide to Gender Analysis Frameworks).
- Longwe, S. H. (2002, October). *Addressing rural gender issues: A framework for leadership and mobilisation* [Paper presentation]. III World Congress for Rural Women, Madrid, Spain. Retrieved from [https://sarpn.org/documents/d0000055/P60\\_Rural\\_Gender\\_Issues.pdf](https://sarpn.org/documents/d0000055/P60_Rural_Gender_Issues.pdf).
- Miller, J. (2018, April 6). *How can deep-cultural patterns aid in resettlement? A case study of three Marshallese communities*. Academia.edu. [https://www.academia.edu/en/36348428/HOW\\_CAN\\_DEEP\\_CULTURAL\\_PATTER](https://www.academia.edu/en/36348428/HOW_CAN_DEEP_CULTURAL_PATTER)

NS\_AID\_IN\_RESETTLEMENT\_A\_CASE\_STUDY\_OF\_THREE\_MARSHALLESE\_COMMUNITIES

- Mistry, J. (2009). *Indigenous knowledges*. International Encyclopedia of Human Geography. <https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/B9780080449104001012> ‘
- Muggah, R. (2003). A Tale of Two Solitudes: Comparing Conflict and Development-induced Internal Displacement and Involuntary Resettlement. *International Migration*, 41(5), 5-31. <https://doi.org/10.1111/j.0020-7985.2003.00259.x>
- Philstar. (2006, April 1). Life insurance firms build houses for Atis in Rizal. <https://www.philstar.com/nation/2006/04/01/329239/life-insurance-firms-build-houses-at-is-riza>
- Portes, Alejandro & Rumbaut, R.G. (2001). *Legacies: The Story of the Immigrant Second Generation*. New York: Russell Sage Foundation.
- Quetulio-Navarra, M., Niehof, A., & van der Vaart, W. (2013). Social Capital in Involuntary Displacement and Resettlement. *International Journal of Social Sciences and Humanity Studies*, 5(2), 139 - 154. Retrieved from <https://dergipark.org.tr/en/pub/ijsshs/issue/26218/276042>
- Rahmann, R., & Maceda, M. N. (1962). Notes on the Negritos of Antique, Island of Panay, Philippines. *Anthropos*, 57(3/6), 626–643. <http://www.jstor.org/stable/40455830>
- Reid, L. (2009). Ethnology and Linguistics : Hunter-gatherer and farmer symbiosis from a Linguist's point of view. *Senri Ethnological Studies*, 73, 263-269. <http://doi.org/10.15021/00002595>
- Salazar, Z. (1996). Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino. In Atienza, M. M., & Constantino, P. C. (Eds). *Mga Piling diskurso sa wika at lipunan* ed. Atienza, M. M., & Constantino, P. C. University of the Philippines Press.

- Santos, M. (2001). The Ayta woman in servitude: An Agent of Socioeconomic Transformation in the Resettlement. *Philippine Sociological Review*, 49, 117-135.  
<https://www.jstor.org/stable/44243065>
- Stewart, T. (1992). Land-use options to encourage forest conservation on a tribal reservation in the Philippines. *Agroforest Syst*, 18, 225–244. <https://doi.org/10.1007/BF00123319>
- Terminski, B. (2013). Development-induced Displacement and Resettlement: Theoretical Frameworks and Current Challenges. Retrieved from  
<https://dlc.dlib.indiana.edu/dlc/handle/10535/8833>
- Watanabe, A. (2007). The formation of Migrant Muslim Communities in Metro Manila. *Kasarinlan: Philippine Journal Of Third World Studies*, 22(2). Retrieved from  
<https://sciencediliman.upd.edu.ph/index.php/kasarinlan/article/view/695/723>.